

PROLOGUE

Kung may isang bagay na hindi naa-appreciate ang IT mogul na si Anthony Louis Erde Prieto, iyon ay ang hindi pagsunod sa schedule. At sa pagkakaalam niya, noong huling tingnan niya, hindi kasama ang ma-kidnap sa kanyang schedule.

Pinilit ni Anthony na huwag magmura habang unti-unting gumagapang pabalik ang kanyang huwisyo. He felt like he was experiencing the worst hangover of his life. He wasn't sure how long he was unconscious; ang huling naalala lang niya ay nasa kotse siya at tinatahak ang daan pauwi nang may humarang sa kanyang isang itim na *Pajero*. Ang sunod na lang na nalaman niya ay pinaputukan ng baril ang kanyang gulong at may bumasag sa salamin sa gilid niya. Pagkatapos ay may pumalo sa kanyang batok at nawalan na siya ng malay.

He bit back a curse as he felt a dull throbbing at the base of his neck. F*ck, he should get a CT scan immediately.

“Masyado mo ’atang nalakasan ang pagpalo sa ulo n’yan,” narinig niyang sabi ng isang lalaki mula sa harapan. “Ang s’abi ni Boss, kailangan buhay ’yan, bakit kasi hindi mo na lang ginamit ’yong pampatulog—”

“Tumigil ka na!” narinig niyang bulyaw ng isa pa.

The car made a sharp turn on the right and he was

unceremoniously rammed against the left side of the car door. Pinigil niya ang sariling mapamura. The bloody kidnappers forgot to put his seatbelt on!

“Ikaw ang tumigil! Alam mong kailangan ’yang buhay! Kailangang makuha d’yan—shit!” Pumreno ang sasakyan at kung hindi lang siya nakahawak sa seatbelt ay sigurado siyang tumilapon siya palabas ng front window.

“Shit, na-flat-an tayo!” asik ng isa sa mga kidnappers na hindi man lang napansin na milagrang hindi tumilapon ang biktima ng mga ito sa labas ng kotse.

“Ano’ng gagawin natin?” anang lalaki sa passenger seat na for convenience’s sake ay pinangalanan niyang ‘Dim-Witted Kidnapper One’. By now, he was fully awake. Sinubukan niyang igalaw nang pasimple ang mga kamao at binti niya. Good, naigagalaw na niya.

“Ano pa, eh di, palitan ang gulong!”

“Oo na! Sige na! Palitan mo na! Kapag nagising ’yan, spray-an mo ng pampatulog, ’wag mo na ulit papaluin. May kailangang kunin si Boss d’yan.”

Ah, naisip niya. So may kailangang kunin ang mga ito sa kanya. Bakit ba hindi siya nagulat doon?

Ang totoo, kanina pa niya alam kung bakit siya pina-kidnap. He was ninety percent sure, with a margin of error of plus/minus

The Sexy Bodyguard - Dior Madrigal

point zero five percent, that his new invention was the reason for his kidnapping. Yes, isa siya sa top five richest men in the country, pero ayon sa statistics, bihirang kidnap-in ang mga taong ganoon kayaman. Mataas ang level of difficulty ng pagtakas sa mga bantay nito nang walang gasgas dahil ubod ng yaman at ubod ng maimpluwensya ang mga kamag-anak ng biktima.

So no, he was pretty sure that his bank account was not the reason for this. Kung sino man ang nagpa-kidnap sa kanya, alam niyang may mas malalim na dahilan.

“Dalian mo at mukhang uulan pa ’ata,” untag ni Dim-Witted Kidnapper One. Inis na lumabas ng kotse si Kidnapper Two at pabalibag na sinara ang pinto.

Maingat niyang iminulat ang mga mata. Natuon agad ang atensyon niya sa high-powered firearm na nakapatong sa kandungan ni Kidnapper One. Hindi siya ang pinaka-athletic o pinakamalakas na tao sa mundo, pero seventy-five percent sure siya na kung dadaanin niya sa gulat ay maiuuntog niya ang ulo ng lalaking ito sa dashboard at masisipa ito palabas ng kotse nang hindi siya nababari.

Nakita niyang naiwan ang susi sa engine ng kotse kaya ninety-five percent sure din siya na maitatakbo niya ang kotse nang hindi napipigilan ng dalawa. Kahit flat ang gulong, sigurado siyang maitatakbo pa rin niya nang ilang metro ang sasakyan sapat para bigyan siya ng distansya sa mga dim-witted kidnappers.

The Sexy Bodyguard - Dior Madrigal

Gagawin na dapat niya ang plano nang makarinig siya ng mga putok ng baril. Pareho silang nagulat ng kidnapper. Napalington ito sa tabi nitong bintana at napamura, pagkatapos ay lumabas ng kotse. Sunud-sunod na putok ng baril ang narinig niya pagkatapos. Hindi siya nagsayang ng segundo. He jumped over to the driver seat and turned the ignition on. The engine roared to life and he floored the accelerator, speeding away the *Pajero* like a raging bull charging toward a red flag. Narinig niya ang mura at sigaw ng mga kidnappers, pero hindi niya iyon pinansin. Ni hindi siya nakatali kaya hindi siya nahirapang mag-drive. He almost felt bad for the employer of those two. Really now, tingin niya ay hindi dapat kidnapper ang career choice ng dalawang iyon.

Nakarinig siya ng marami pang putok ng baril at hindi isang beses na tinamaan ng bala ang likod ng *Pajero*. Isa o dalawang beses, tumagos ang bala hanggang sa front window. Kung hindi lang siya nakailag ay malamang tinamaan siya niyon. He glared at his dim-witted kidnappers through the rearview mirror. Di ba kailangan siyang *buhay* ng boss ng mga nito? Talk about not following instructions!

Nakalayo siya nang mahigit isang daang metro nang bigla niyang kinailangang tapakan ang preno. Nag-screech ang mga gulong sa basang kalsada at muntik na naman siyang sumubsob sa dashboard. Nakatiim-bagang na pinagmasdan niya ang malaking trosong nakaharang sa right of way niya.

The Sexy Bodyguard - Dior Madrigal

Now, he was not dumb, all right. On the contrary, he was a f*cking genius. He graduated *summa cum laude* at *Harvard University* when he was twenty. Noong nine siya, nakagawa siya ng radio transmitter gamit lang ang mga wires at bleach cells sa attic nila. At noong eleven naman siya ay nakagawa siya ng motorized bicycle gamit ang mga parte ng lumang steam engine ng kanyang lolo.

So no, hindi siya bobo. He was actually very smart.

Ngayon ang tanong, ano ang tsansa na nagkataon na may malaking trosong nakaharang sa daan niya matapos ma-flat-an ng gulong ang sasakyan nila? Practically zero.

Sigurado siyang sinadya ang dalawang pangyayaring iyon.

Isang paggalaw sa rearview mirror ang nahagilap ng kanyang mga mata. Nagkatotoo ang hinala ni Kidnapper One at ngayon ay pumapatak na ang malakas na ulan. Ginawa nitong blurry ang imahe sa salamin. Palapit nang palapit ang imahe sa rearview mirror at wala siyang nagawa kundi tingnan lang ito.

It was stupid he knew. After all, puwedeng kasabwat ang taong palapit sa kanya ng mga nang-kidnap sa kanya. Pero ewan ba niya, hindi niya maialis ang tingin dito.

A couple of heartbeats later and he could clearly make out the figure. Babae ito.

It was like a scene from an Armageddon film. It was

The Sexy Bodyguard - Dior Madrigal

dramatic, with the merciless rain and blood red sky serving as backdrop to the woman who was walking toward him, with all the gravitas of a thousand warriors. Nakaitim na fitted sando ito at itim na army pants habang nakatali ang mahaba nitong buhok palayo sa mukha.

Nang sa wakas ay makarating ito sa tabi ng bintana, itinaas niya ang tingin sa mukha nito. A goddess? An angel? No. She was like a succubus—the mythical creature that sucked men’s soul through sexual encounter. Everything about her screamed of sex and lust, from her large cat-like eyes to her full pouty lips to the swell of her breasts and flare of her hips. Images of twisted sheets and naked skin flashed in his mind...

“Hi,” anito na tila ba araw-araw itong bumabati sa isang estranghero sa gitna ng kung saan sa ilalim ng malakas na ulan. Then, with a smile that would put the sunniest and perkiest *Miss Universe* candidate to shame, she said, “I’m Sandra ‘Sandy’ Valdez, I’m your new bodyguard.”